# DANTAY SA PATAY

[Dulang May Isang Yugto]

## SYNOPSIS

Sa payak na tahanan ng mag-asawang Uleng at Rolly sa Cavite, hinaharap ng mag-asawa ang mabigat na balita: malala na ang sakit ni Uleng—Stage IV cervical cancer. Sa kabila ng panghihina ng katawan, ayaw pa ring tumigil ni Uleng sa paghahanap-buhay at mga gawaing bahay, habang si Rolly naman ay nababalot ng takot at pangamba sa kalagayan ng asawa.

Habang dumarami ang usapan tungkol sa nakaraan, mga pagsisisi, at kinabukasan ng kanilang pamilya, hindi inaasahang biglang magwawakas ang gabi sa pagpanaw ni Rolly habang payapang natutulog.

Isang mapait ngunit mapang-aliw na pagtanaw sa buhay mag-asawa, kahirapan, pamilya, at kamatayan—na nagpapakita kung paano kahit sa gitna ng kasawian, nananatili ang pagmamahalan at pagpapatawad.

**DANTAY SA PATAY**

TAUHAN

ULENG, 50s, mataba at malaki ang tiyan, may-ari ng isang karinderya

ROLLY, 60s, maitim at medyo mataba, dating tricycle driver

ROANA, 20s, nag-iisang anak nina Uleng at Rolly, OFW

TAGPUAN

Dapit-hapon, post-covid, sa isang bayan sa Cavite.

*Makikita sa entablado ang isang payak na bahay nina ULENG at ROLLY. Sila'y may isang kusina, sala, at kwarto. Maaaring nasa labas ng entablado ang CR. Sa kaliwang bahagi ng entablado, naroon ang sala. Ito ay may upuang kawayan na may kutson, isang TV, at broadband modem. Sa kanang bahagi ng entablado, naroon ang kwarto. Ito'y may isang kama, lamesita, at aparador. Sa kusina sa likod, makikita ang isang lamesa, mga upuan, at*

*lababo.*

*Humahangos pauwi ang mag-asawang Uleng at Rolly. Pagpasok sa bahay, magtatanggal ng face mask ang mag-asawa. Magpapalit ng pambahay na damit at tsinelas. Maghuhugas ng kamay. Bubuksan ni Rolly ang broadband modem. Sa kusina naman didiretso si Uleng para ihanda sa lamesa ang mga biniling pagkain sa labas.*

ULENG

Kumain muna tayo bago mo tawagan si Nene.

ROLLY

Maaari bang hindi ko kausapin ang anak mo eh kanina pa nag-aabang ‘yun sa atin, at ikaw nga ang magpahinga muna.

ULENG

Ayos lang naman ako. Nahahàpo lang.

*Mauupo si Uleng. Tatawagan ni Rolly si ROANNA.*

ROLLY

‘Ku…

*Sa video call, maaaring ipakita ang anak sa screen o maaaring boses lamang.*

ROLLY

Anak, hello… hello…

ROANNA

Tay! Naririnig niyo ako?

ROLLY

Oo, nakikita kita nang malinaw.

ROANNA

Ang nanay ho?

ROLLY

Andito sa tabi ko. Ayaw pang tumawag kami agad sa 'yo.

*Sisikuhin ni Uleng si Rolly.*

ULENG

Hindi naman sa ganun anak, kaya lang eh—

ROANNA

Ano ho ba ang sabi ng doktor?

*Katahimikan.*

ROANNA

Nay…

*Ibibigay ni Uleng kay Rolly ang cellphone.*

*Kukuha si Uleng ng tubig at iinumin ito.*

ROANNA

Tay…

ROLLY

Kuwan, anak, ganito. Sabi ng doktor kanina 'yung bukol, 'yung kanser eh nasa Stage IV na raw. Cervical cancer daw anak.

*Katahimikan.*

*Impit na iiyak si Roanna.*

ROANNA

Nay?

ULENG

Naku, anak, eh parang hindi na nga ako naniniwala sa sinasabi ng doktor eh. Ang gusto pa nga ay mag-chemotheraphy daw ako. Tatlong buwan na kaming pabalik-balik ng tatay mo sa ospital. Ang sabi, bukol lang tapos kanser tapos ngayon Stage IV na raw eh kayang-kaya ko pa namang magtrabaho. (*Buntong hininga*) Nahahapo lang ako. Sumasakit ang balakang saka napapadalas ng ihi. Dinudugo paminsan, pero, hindi

naman sumasakit ‘yung bukol mismo. Para lang akong may balisawsaw—

ROANNA

Kailan po kayo ooperahan? O paano raw po kung magpapa-chemotheraphy kayo?

*Katahimikan.*

ROLLY

Eh, anak, hindi na raw pinapayo ng doktor na operahan ang nanay mo.

ROANNA

Ho? Bakit daw?

ULENG

Kasi raw anak may diabates ako. Di ba ang sabi noong una kailangang tanggalin ‘yung matres ko at saka ‘yung palopyan tube. Ngayon, dahil daw kumakalat na, kung ooperahan ako baka kailangan ding kayurin ang atay ko at—

*Titigil si Uleng sa pagsasalita dahil sa hapo.*

ROANNA

Baka ho kailangang magpa-second opinion tayo sa doktor? Kung sa private na ospital kaya kayo magpatingin, Nay? Kung kinakailangan magpachemotheraphy kailan daw po magsisimula?

ULENG

Hindi na, anak, napapagod na akong pabalik-balik sa ospital. *(Buntong hininga.)* Saka kung babalik ako sa ospital baka itong tatay mo naman ang magkadiprensya. Tumaas ba naman ang BP kanina! Buti na lang nasa ospital kami. Akala ko nga kung mapapaano.

ROANNA

Nay…

ROLLY

‘Ku… Wala ‘yun sa akin, malayo lang kasi ang nilakad kaya napagod ako. Saka itong lintik na face mask na ito kaya ako nahirapan huminga. Ang dapat unahin ‘yan nanay mo. Hindi lang nagsusumbong sa ‘yo. Pero lagi nang masakit ang balakang niyan. Minsan pa grabe ang pagdurugo.

*Katahimikan.*

ROANNA

Ano ho ‘yan? Hahayaan na lang natin ‘yang kanser niyo na lumaki nang lumaki? Na kumalat sa iba’t ibang parte? Hindi naman ako papayag niyan, Nay! Magpapakonsulta kayo sa ibang doktor ulit. Subukan natin sa private para hindi mahaba ang pila. Hindi kayo masyadong mapapagod ni Tatay.

ROLLY

Hayaan mo muna ang nanay mo, Nene. Sige na at kakain na muna kami.

ROANNA

Tay, ‘yung gamot niyo. Ilang beses ko nang sinabi sa inyo na araw-arawin ang maintenance. ‘Wag niyong tipirin. At maglakad-lakad kayo sa umaga. Baka mamaya kayo naman ang mapa’no.

ROLLY

Sige na anak, mamaya na at medyo nagugutom na rin kami ng nanay mo.

ROANNA

Tawagan niyo ho ako ulit mamayang breaktime ko. Magchachat ako sa inyo, Tay. ‘Wag niyo munang patayin ang WiFi.

ROLLY

O sige na, Nene.

*Matatapos ang usapan. Pupunta si Uleng sa lamesa.*

ULENG

Sabi ko naman kasi sa ‘yo mamaya na natin kausapin si Nene

ROLLY

Eh naghihintay sa balita ang anak mo.

ULENG

Alam na alam mo naman ang magiging reaksyon, sinumbong mo pa agad.

ROLLY

Aba, Leng, hindi pagsusumbong ‘yun. Sinasabi ko lang sa anak mo ang nangyari sa ‘tin kanina.

*Pupunta si Rolly sa lamesa para umupo. Habang nag-uusap, pagsisilbihan siya ni Uleng: lalagyan ng kanin at ulam ang plato niya at bibigyan siya ng tubig.*

ROLLY

Ikaw naman sinabi mo pa kay Nene na tumaas ang presyon ko

ULENG

Eh di ba’t ikaw naman ang atat na atat magbalita sa kaniya. Mano naman magbalita rin ako.

*Magsisimula silang kumain.*

ULENG

Bukas bayaran mo na ‘yung kuryente, tubig, at saka internet. Baka maputulan tayo.

ROLLY

O sige. Hindi ka ba sasama? Saka, nga pala, baka gusto mong dumiretso tayo kay Apo Philip sa Talisay. Balita ko nakakapagpagaling ‘yun ng mga sakit.

ULENG

Ikaw na ang magbayad para mabilis kasi senior ka na. Sa Talisay? Jusko. Hirap na

hirap nga akong magpunta sa ospital. Papupuntahin mo pa ako roon. Saka, naka ilang albularyo na tayo Lando. Lagi at lagi ang sabi, doktor ang kailangan ko. Baka doon pa tayo mahawa ng ibang sakit.

*Katahimikan.*

ROLLY

Ang akin lang, tulad ng kay Nene, subukan nating lahat. Wala namang mawawala. Kaunting pagod lang.

ULENG

Dito na lang ako sa bahay… 'Yung kwintas na padala ni Nene sa akin, isangla mo muna kaya?

ROLLY

Leng, tama na. Magpahinga ka muna. Ako na'ng bahala bukas. Huwag ka munang maglalaba at maglinis, upahan na lang natin si Angie.

ULENG

Si Angie? Jusko. Hindi ata marunong maglaba 'yun. Saka, ano naman ang gagawin ko kung hindi ako maglilinis o maglalaba man lang? Iniisip ko pa lang, mas napapagod na 'ko. Alam mo namang hindi ako sanay ng walang ginagawa. (*Buntong hininga*) Baka lalong madalî ang buhay ko.

ROLLY

Tingnan mo itong taong 'to, kung kailan pinagpapahinga, saka ayaw magpahinga. Kung kailangan pinagagamot, ayaw magpagamot. O siya, magtrabaho ka bukas ha. 'Wag na

‘wag kang magpapahinga. ‘Wag na ‘wag kang makaupo man lang.

ULENG

Ay, talaga. Nakapamili na nga ako kanina ng mga bawang at sibuyas—

ROLLY

Lintik na! Leng, narinig mo ba kanina ang sinabi ng doktor? May kanser ka. Kumakalat na ang kanser sa buong katawan mo.

ULENG

O, eh ano? Hindi naman nakakahawa ang kanser kung magluto ako? Hindi naman ‘to covid.

ROLLY

Hindi ‘yun kung nakakahawa o hindi. Ang pinupunto ko rito, may sakit ka. Magpahinga ka.

ULENG

At kapag may sakit bawal magtrabaho? Sa mayayaman lang ‘yun, Rolando.

ROLLY

Para namang hindi tayo makakakain bukas kung hindi ka magluto.

ULENG

Hindi ako sanay nang walang ginagawa. Hindi ko kayang nakahilata lang maghapon o nanonood ng tv riyan.

ROLLY

Sinasabi mo bang tamad ako?

ULENG

Anong ikaw?

ROLLY

Pinapatamaan mo ‘ko eh. Kumikita naman ‘yung traysikel kahit hindi ako namamasada. May boundary naman tayo araw-araw,

ULENG

Ang sinasabi ko lang hindi ako sanay nang walang ginagawa. Pakialam ko ba kung maghapon kang kung anu-ano ang kinukutkot diyan—

*Sasakit ang puson ni Uleng.*

ULENG

‘Sus. Wag ka ngang tumulala sa akin ng ganyan. Para namang hindi mo ako papalitan pagkatapos kong mamatay.

ROLLY

Ayan ka na naman sa mga biro mo, tapos mamaya ikaw ang pikon.

ULENG

Ikaw ang pikon! Baka mamaya, ilang araw pa lang akong naililibing eh may ibang babae ka nang iuuwi dito sa atin.

ROLLY

Pwede ba, ‘Leng, tama na.

ULENG

Oh, eh, bakit? Mamaya ‘yang si Angie eh kasiping mo na.

ROLLY

Pati ba naman si Angie. Itong taong ‘to napakamalisyosa.

ULENG

Hindi ko na inaalala si Nene natin. May trabaho siya sa abroad. Bata pa siya. Mas nag-aalala ako sa ‘yo. Kaya na ni Nene ang sarili niya. Mag-aasawa na rin siguro siya kung ilang taon pa…

ROLLY

Tingin mo ba may boypren na ang anak natin?

ULENG

Baka... Dati walang oras ang pagtawag sa atin niyan, ngayon kailangan may oras ang tawag natin.

ROLLY

Baka naman maraming utos sa kanya si Madam.

ULENG

Iba ang kutob ko.

ROLLY

Ibig sabihin, may boypren na agad?

ULENG

Jusko naman Rolando parang hindi ka naman dumaan sa ganyan.

ROLLY

Eh bakit inililihim pa ni Nene sa atin?

ULENG

Aba'y malay ko… pareho tayong andine sa Pilipinas.

ROLLY

Ang kinatatakot ko lang eh makatagpo ng may asawa pala tapos buntisin lang siya.

ULENG

Naku, nakikinitâ ko na ang sasabihin ng mga kapatid mo: mana sa ina. (*Patlang*) Kung mabuntis ang anak mo ngayon, laking tuwa ko. May laruan tayo.

ROLLY

Kung aabot tayo sa magiging apo natin.

*Katahimikan.*

ULENG

Ikaw ang aabot kasama ang mga pukengkeng mo.

ROLLY

‘Tragis na ito dumale na naman.

ULENG

Dati ‘yang mura mo may kasama nang hampas o kaya tadyak.

*Katahimikan.*

*Magsisimula nang magligpit si Uleng. Bubuksan ni Rolly ang TV habang nagliligpit ang asawa. Manonood siya ng balita saglit.*

ROLLY

(*Sinasabi niya ito habang may nagbabalita sa TV. Tila binabalita niya kay Uleng ang lahat kahit na naririning din ng babae ang balita. Ipapakita ang iba-ibang video montage*) Lintik na ‘yan. Tumaas na naman ang gasolina, pati raw Meralco magtataas sa susunod na buwan… Panahon ng covid pero ‘yan pa inuuna ng mga lintik na ‘yan. Ilan naman ang pinatay ng militar sa Negros dahil mga komunista raw. Lahat na lang kung hindi komunista, eh adik. Lahat na lang pinapatay. Kung pwede lang siguro barilin yung may mga sakit, papatayin na rin ng gobyerno eh.

ULENG

Huwag ka nang manood ng tv kung magrereklamo ka lang.

*Patlang*.

ULENG

Lahat naman tayo mamatay. Una-una lang.

*Iiling lang si Rolly. Patuloy na manonood ito ng TV. Katahimikan. Magsisimulang mag-init si Uleng ng tubig pampaligo ni Rolly. Papatayin ni Rolly ang TV.*

ULENG

Nag-iinit na ako ng tubig pampaligo mo.

*Uupo si Uleng sa mesa at magsisimulang magbalat ng sibuyas at bawang.*

ROLLY

'Tragis namang 'yan, Leng.

ULENG

Ang sakit dapat hindi inaalagaan. (*Patlang*) Kung hindi ako magluluto bukas, gusto mo uling bumalik sa ospital tapos tumaas na naman ang alta-presyon mo? (*Buntong hininga*)

ROLLY

Leng, kanina pa tayo paulit-ulit dito. Nakakapagod kang alagaan. Ang sinasabi ko lang

pwede ka namang magpahinga. Hindi mo naman kailangang magluto. Kahit bukas lang. ‘Yang kasipagan mo ang papatay sa ‘yo eh. Sasabihin ko kay Nene mamaya ‘yang balak mong magluto pa para bukas.

ULENG

Manong mahiya-hiya ka naman sa anak mo.

ROLLY

Eh anak naman natin siya. ‘Yung anak nga ni Pareng Jun, ilang taon pa lang na nasa Saudi, ang anak eh nakapagpatayo na ng bahay. Nakabili pa sila ng sasakyan.

ULENG

Paano na ‘yung mga ginastos natin ngayon sa doktor? Kung magpapacheck-up ulit, alangan namang lahat sa anak mo manggaling? Alam mo naman kung magkano lang din ang sahod ng anak mo. Paano kung kailangan ko nga ng chemotheraphy na ‘yan? Kakayanin ba natin?

ROLLY

Bakit nga kaya sa lahat ng nag-aabroad si Nene eh parang hindi masyadong malakas kumita. ‘Yung iba nga riyan, bukod sa buwanang sahod may allowance pa ang mga magulang.

ULENG

Itong taong ‘to. Hindi lahat ng nasa abroad namumulot ng pera.

*Magpapatuloy sa pagbabalat si Uleng.*

ROLLY

Tama na sabi ‘yan. Hindi ka na mapagsabihan.

*Iwawasiwas ni Rolly ang tuwalyang gagamitin sa pagligo. Matatapon ang ilang sibuyas at bawang. Pupulutin ito ni Uleng. Ilalagay niya ito sa lababo kasama ang mga nabalatang gulay.*

*Kukuhanin ni Rolly ang ininit na tubig at papasok siya sa banyo.*

*Papasok si Uleng sa kwarto. Aayusin niya ang mga damit na isusuot ni Rolly bilang pantulog. Aayusin niya rin ang damit niyang pantulog. Ilalagay niya ang mga damit sa kama.*

*Kukuhanin niya ang mga alahas na itinago sa isang maliit na lalagyan. Mga alahas na padala ng kanyang anak. Isusukat niya ang mga ito.*

*Kukuhanin niya ang wallet sa bag at bibilangin ang laman nito. Ilalagay niya ang*

*alahas sa bag.*

*Bigla siyang pupunta sa lababo para sumuka. Magriring ang cellphone ni Rolly.*

*Hindi maintindihan ni Uleng kung paano sasagutin ang tawag ni Roanna.*

*Sa huli, mapipindot niya rin ito upang masagot ang tawag ng anak. Ipapakita sa screen ang kanilang anak.*

ROANNA

Nay, kamusta na ho kayo?

ULENG

Ayos lang naman ako anak. (*Sasapuhin ang puson)* Pakiramdam ko naman ay ayos na ayos ako. Bukas nga magluluto na ako. Ilang araw na rin kaming pabalik-balik ng tatay mo sa ospital. Baka wala nang kumain sa amin niyan kapag hindi na naman ako nagluto bukas. (*Buntong hininga*)

ROANNA

Nay…

*Impit na iiyak si Roanna habang kausap ang ina.*

ULENG

Baka uminom na lang ako noong paragis saka ‘yung tsaang-gubat, napanood ko sa tv mabisa daw ‘yun sa mga bukol. Ikaw anak, kamusta ka na ba? Alam kong marami tayong problema sa ngayon pero sana unahin mo ang sarili mo. Kami ng tatay mo eh matanda na. Pero ikaw, nasa abroad ka. Gusto ko magpakasaya ka anak.

ROANNA

Nay…

ULENG

Saka anak, gusto ko munang magpahinga sa pagpapa-ospital… Nakakapagod na pabalik-balik lang kami ng tatay mo tapos sa dulo sasabihin na wala rin palang gamot… ‘Yung chemothreraphy, di ba nakakakalbo ‘yun? Kahit papaano sa herbal, may pag-asa. Maraming gumaling na. Maraming nagpapatotoo.

ROANNA

Ang nanay naman… Nay… Hindi ko alam paano sasabihin sa inyo ng tatay —

ULENG

Alam mo, Ne, kanina noong sinabi ng doktor na maaaring ilang buwan o ilang taon na lang ang buhay ko… Nagulat ako sa reaksyon ng tatay mo. Aba, unang beses yatang umiyak nun para sa akin. Hagulgol talaga. Parang pwede na rin akong mamatay. (*Buntong hininga*) Alam mo kaya yata hindi ko iniisip ‘yung sinabi ng doktor kasi mas nagulat ako sa naging asta ng tatay mo.

*Impit na iiyak si Roanna.*

ULENG

Ilang buwan na ‘yang dinadala mo? *(Patlang)* Alam mo anak, magkalayo man tayo. Nanay mo pa rin ako. Sana anak, maalagaan ko pa ang apo ko. Ipagdasal mo sa Diyos na makaraos din tayo. Natatandaan mo noong magka Covid ka riyan sa abroad? Halos mamatay kami sa takot ng tatay mo… Tahan na anak, tahan na. Ilang buwan na ang baby natin?

ROANNA

Apat buwan na ho.

ULENG

Patingin ng tiyan mo anak.

*Ipapakita ni Roanna ang tiyan niya sa videocall. Maiiyak si Uleng habang nasa videocall.*

ULENG

Maliit ka magbuntis, anak. Jusko. Ang anak ko. Hindi man lang kita maalagaan ngayon diyan. Hindi kita maipagluto ng gusto mo. Hindi kita mabisita. Paano kapag nanganak ka?

ROANNA

Sa totoo lang, Nay, di ko rin po alam. Baka po umuwi na ako sa mga susunod na buwan kapag hindi ko na kayang itago itong pagbubuntis ko.

ULENG

Anak, kahit anong mangyari. Umuwi ka na lang. Kaya na nating pagtulungan ‘yan. Sa simula lang naman magagalit ang tatay mo pero hindi ka matitiis n’un. Umuwi ka na

anak. Susuportahan ka ba ng nakabuntis sa ‘yo? Binata ba siya? Pilipino?

*Tatawagin si Roanna ng kanyang amo.*

ROANNA

Nay, mag-usap tayo ulit mamaya. Tawag na ho ako ni Madam.

*Magpapatuloy ang pag-uusap ng dalawa habang nagtatrabaho si Roanna.*

ULENG

Mag-iingat ka, anak. Mahal na mahal ka namin ng tatay. Magpapahinga lang ako sa pagpapadoktor, anak. Nakakapagod ‘yung pabalik-balik sa ospital. Nakakapagod din sa bulsa. (*Patlang*) Saka, Ne, magluluto pa rin ako ha.

ROANNA

Nay naman… Baka mapagod naman kayo sa kaluluto. Ilang taon na kayong ganyan, walang tigil sa luto. Simula bata pa lang ako, hanggang ngayon, wala kayong tigil.

ULENG

Sige na, pagbigyan niyo na ‘ko. Hinahanap ng mga customer ang luto ko eh. Saka hindi ako sanay nang walang ginagawa. Baka lalong madali ang buhay ko kung wala akong ginagawa.

ROANNA

Noong isang linggo, binibida na naman ng tatay ang kumpareng Jun niya saka ‘yung si Jazel ba ‘yun na taga-Saudi rin. Hindi naman kami magkatulad ng trabaho, Nay. DH

lang naman ho ako rito sa Saudi, eh ‘yung si Jazel sekretarya ‘yun sa kumpanya. Kung makapagsalita kasi ang tatay… Alam naman niya ang trabaho ko rito.

*Lalabas si ROLLY mula sa banyo.*

ROLLY

Si Nene na ba ‘yan?

ROANNA

Tay?

ROLLY

Ne, mantakin mo itong nanay mo eh gusto pa raw magluto bukas.

ROANNA

Tay, nabanggit nga ho ng nanay. (*Patlang*) Eh hayaan niyo muna hong magluto bukas, kung ‘yun ang gusto niya

ROLLY

Aba’y hindi naman tama ‘yun. Dapat sa kanya eh magpahinga. Nakailang ihi na ‘yan ngayong araw. Minsan sumusuka pa. Dinudugo pa nga kung minsan. Maya’t maya pa siya sa CR. Tapos magluluto? Eh kaunting kibot naman eh hapong-hapo. Paano kung biglang mabuwal na lang siya sa pagod? Kapag dumami ang tao, hindi naman magkandaugaga.

ULENG

Eh di tulungan mo ako sa pagtitinda at pagluluto.

ROANNA

Tay, hayaan niyo na siya sa gusto niya. At, oo nga po, tulungan niyo si nanay para hindi kayo nag-aalala.

ROLLY

Anak, ipinaki-usap kita sa anak ni Pareng Jun, si Jazel, sabi ko ipasok ka rin sa opisina niya—

ROANNA

Tay!

ROLLY

Para makaginha-ginhawa ka naman sa trabaho.

ROANNA

Ang tatay naman! Dapat ho nakapagtapos ng kolehiyo sa trabaho nila. (*Patlang. Tatawaging muli si Roanna ng kanyang galit na amo*) Tinatawag na po ako ulit ni Madam. Galit na. (*Kay Uleng habang nagmamadali*) Nay, kung napapagod kayo, isarado niyo ang tindahan. 'Wag na kayong manghinayang. Sige na po.

*Matatapos ang tawag.*

ROLLY

(*Habang nagbibihis)* 'Yun pala't nakapagsumbong ka na sa anak mo.

ULENG

Naintindihan lang ni Nene na gusto kong gawin ‘yung mga bagay na gusto kong gawin.

ROLLY

Ano naman? Makipaglandian sa mga drayber?

ULENG

Iba talaga ang takbo ng utak mo. Mga kaibigan at kumpare mo ‘yun, tapos ganyan ka mag-isip.

ROLLY

Eh ano na lang ang sasabihin nila, na may sakit ka eh pinagtatrabaho pa kita? Hindi ko nga masabi sa mga kasama ko na sa charity lang tayo pumipila. Magtataka ang mga ‘yun, nasa abroad ang anak samantalang pumipila sa ward ang mga magulang.

ULENG

Eh ano bang pakialam nila. Isa pa, hindi ka na naawa sa anak mo kanina. Pinaki-usap mo pa ng trabaho—

ROLLY

Eh para kay Nene naman ‘yun. Para hindi na siya gasinong mahirapan sa trabaho tapos mas malaki pa ang sahod niya.

ULENG

Eh may mga diploma nga lang daw ang tinatanggap sa ganung trabaho. Saka, para kay Nene ba talaga ‘yun o para sa ‘yo? (*Patlang*) Hindi ko maintindihan kung kanino kang nagpapasikat na maigi samantalang grabe na ang hirap ng anak mo sa ibang lugar.

ROLLY

Gusto ko lang ng mas magandang buhay para sa kanya. Para hindi siya matulad sa akin, para hindi siya matulad sa ‘tin.

ULENG

Bakit? May mali ba sa buhay natin ngayon?

ROLLY

Hindi na ako makalayu-layo rito sa atin.

ULENG

Ayun. Ikaw. Ikaw ang hindi makalayo kung saan man tapos pinapasa mo sa anak mo (*Buntong hininga*).

*Patlang*.

ROLLY

Ako na naman. Ako naman lagi ang may kasalanan sa lahat. Bakit ba tuwing may gusto akong mangyari sa buhay natin lagi kang nakakontra.

ULENG

Kung may gusto kang gawin sa buhay mo, ‘wag mong ipasa sa iba. Gawin mo.

*Katahimikan. Mahihiga na si Rolly sa kama at manonood ng YouTube. Si Uleng naman ang papasok sa banyo. Habang naliligo ay*

*madudulas siya sa banyo.*

ULENG

-Ly! Rolly!

*Tatakbo si Rolly papuntang banyo.*

ROLLY

Napaano ka ba?

*Bubuksan ni Rolly ang pinto ng banyo at makikita na nakahandusay ang hubad na katawan ni Uleng sa lapag.*

ULENG

Na-nadulas ako.

*Tutulungan ni Rolly ang asawa na makatayo at makapagbihis.*

ROLLY

Ano, saan ka napuruhan?

ULENG

Dito, dito (*Ituturo ang balakang*) .

*Patlang. Iiling-iling lang si Rolly.*

ROLLY

Kayo mo na bang tumayo mag-isa?

*Tatango lang si Uleng. Aalalayan ni Rolly ang asawa hanggang sa kama.*

ROLLY

Lagyan ba natin ng yelo? O hihilutin ko?

ULENG

Hindi na. Baka pasukin ng lamig. Paki kuha mo na lang ‘yung arinola ko sa banyo.

*Gagawin ni Rolly ang sinabi ng asawa.*

ROLLY

Leng, musta na ang pakiramdam mo? Gusto mo hilutin kita?

ULENG

Lalo atang mamamaga itong katawan ko kapag ginamit mong mga kamay mo sa akin.

ROLLY

Puro ka biro.

ULENG

Patayin mo na ang mga ilaw sa sala.

*Gagawin nga ni Rolly ang sinabi ng asawa.*

*Habang nasa sala, bibiruin naman ni Rolly si Uleng.*

ROLLY

(*Pabiro)* Leng, ha, baka mamaya magluto ka na naman. Baka bumigay 'yang katawan mo. Lalo na't baka maga pa 'yang balakang mo. Baka signos na 'yan ng Diyos para tumigil-tigil ka naman.

*Babalik si Rolly sa kwarto.*

ULENG

(*Pabiro*) Ang sarap din pala na mautusan ka paminsan-minsan.

ROLLY

Nauutusan mo naman ako sa lahat ng posisyong gusto mo rito (*Itituro ang kama*)

*Mapapangiti si Uleng.*

ROLLY

Wala, matanda na tayo.

ULENG

Matanda ka na.

*Magkakatawanan muli ang dalawa.*

*Mahihiga si Rolly sa tabi ng asawa.*

ULENG

Paano kung bukas magising kang wala na ako?

ROLLY

Ano bang klaseng tanong ‘yan. (*Patlang)* Baka sumunod na rin ako sa ‘yo.

ULENG

Baka sunduin ka ni Nelia.

ROLLY

Kundi si Angie si Nelia. Leng, tapos na ‘yun. Wala na ‘yun.

ULENG

Mag-aasawa ka ulit kapag namatay ako ha, Lando.

ROLLY

Bakit naman ‘yan ang pumapasok sa isip mo? Paano tayo makakapagpahinga nang ayos?

ULENG

Kasi napanood ko sa balita na kapag daw nauna ang babae at hindi nag-asawa ang lalaki eh susunod na rin kaagad

ROLLY

Magpagaling ka at nang hindi ka mapalitan

ULENG

Matuto ka na sa atin ha.

ROLLY

Aba'y oo naman… Good boy na ako.

*Magngingitian ang mag-asawa.*

*Dahan-dahang tatayo si Uleng, aalalayan siya ni Rolly. Iihi siya sa arinola.*

ULENG

Hoy *(malambing)*, alam mo, 'yung ihi nang ihi ang pinakamahirap sa lahat. Hindi naman masakit eh. Minsan lang parang may biglang sumusuntok sa puson, pero ilang minuto lang. (*Buntong hininga*) Ihing-ihi ka, na wala namang iniihi.

ROLLY

Kasi nga sabi ng doktor baka pati 'yung pantog mo eh naapektuhan na.

ULENG

Baka naman walang magbago kung magpadoktor ako ulit. Iinom na lang ako ng paragis at tsaang-gubat.

ROLLY

Subukan natin, wala namang mawawala. Saka kung maraming nagpapatotoo eh.

ULENG

Palabas ‘yan sa tv at saka ‘di ba sa radyo sinabi rin. Bukas, ibili mo ako ng tsaang-gubat sa may Amadeo. Tapos, kumuha ka ng paragis diyan sa likod. Siya kong iinumin ‘yang pinaglagaan ng mga ‘yan

ROLLY

Ikaw…

*Aalalayan ni Rolly si Uleng pabalik sa kama. Katahimikan.*

ULENG

Alam mo, Hoy, hindi ko inasahang umabot tayo sa ganito

ROLLY

Saan?

ULENG

Na ganito… tumatandang magkasama.

ROLLY

Namamatay nang magkasama.

*Magkakatawanan ang dalawa.*

ULENG

Hindi ko talaga lubos maisip.

ROLLY

Na ano? Na magkakaroon ka ng guwapong asawa?

ULENG

Jusko pong mahabagin. Hindi.

ROLLY

Na ano nga? Na tatagal tayo bilang mag-asawa?

ULENG

Oo, na magsama tayo nang ganito katagal. Alam mo, Lando, hindi ko pa rin alam bakit mo ako pinakasalan bukod sa buntis ako kay Roanna noon. Hindi naman kailangan. Alam mo namang ayaw sa akin ng buong angkan ninyo. Natatandaan ko pa nga noong bago ipinanganak si Roanna, kahit makita ko ang Nanay o Tatay mo eh hindi ako pinagmamano. Hindi pa sila naniniwalang anak mo si Roanna, hanggang makita na lang nila na parang pinagbiyak kayo ng ang anak natin.

*Patlang*.

ROLLY

Eh ano naman kung sumasayaw ka noon sa club. Ako naman ang nobyo mo.
Magkakaanak na tayo. Dapat lang magpakasal na.

ULENG

Alam na alam mo rin naman ang sinasabi ng mga kapatid mo tungkol sa akin, ng mga

magulang mo. Ni hindi nga nila ako mabati o mangitian man lang kahit sa palengke.

ROLLY

Eh tingnan mo nga, hanggang ngayon tayo.

ULENG

Pati nga itong sakit ko, alam na alam ko rin ang sinasabi nila sa likod ko.

ROLLY

‘Ku… papatulan mo pa ba ang makakating dila dito sa atin? Parang hindi ka na nasanay. Bawat kibot natin may sinasabi sila.

ULENG

Karma raw itong dumapo sa akin. Karma sa dati kong trabaho.

ROLLY

‘Ku… kahit sino naman tinatamaan ng kanser. Saka anong karma? Sino bang inagrabyado mo? Wala naman. (*Patlang*) ‘Wag ka ngang nakikinig sa lahat ng mga sabi-sabi riyan. Kaya nga sabi-sabi eh, puro dada wala namang laman.

*Si Rolly naman ang pupunta sa banyo para umihi.*

ROLLY

Nakakahawa ata ang balisawsaw mo, pati ako lagi na ring ihi nang ihi.

*Susubukan nang matulog ni Uleng. Babalik na rin sa kama si Rolly para matulog. Katahimikan.*

ULENG

Isipin mo, Hoy, ikaw muntik-muntikan ka na rin dahil sa stroke.

ROLLY

Ang masamang damo matagal bago mamatay.

*Magtatawanan ang dalawa.*

ROLLY

Alam ko hindi ko pa oras. Kahit na hilong-hilo ako noon at halos hindi ko na maintindihan ang sinasabi mo, nakikita ko ang imahe ng Diyos—

ULENG

Bakit? May sumusundo na ba sa ‘yo? Sinusundo ka na ba ni Nelia?

*Biglang balikwas si Uleng sa sakit ng puson.*

ULENG

Ah! ‘Yung gamot… ‘yung gamot nasa bag…

ROLLY

Saang bag?

ULENG

Sa pulang bag… sa puting plastic.

*Dali-daling kukuhanin ni Rolly ang gamot.*

ULENG

Ahhh…

*Namimilipit sa sakit si Uleng. Kukuha ng tubig si Rolly at i-aabot ito kasama ng gamot. Iinumin ni Uleng ang gamot.*

ROLLY

Nagulat ako sa hiyaw mo, Leng.

ULENG

Pasensiya ka na. (*Patlang*) Bigla na namang parang may sumuntok sa puson ko.

ROLLY

Dinudugo ka ba?

*Iiling lang si Uleng. Pupunta sa lamesita si Rolly para uminom ng kanyang gamot.*

ROLLY

Parang sumakit ang batok ko. Uminom lang ako ng maintenance

ULENG

Hindi ba sala ka sa oras?

ROLLY

Hayaan mo na't parang nagkamali talaga ako ng bangon.

*Patuloy ang pagsakit ng puson ni Uleng hanggang sa mahimasmasan sa pagtalab ng gamot.*

*Hihiga na si Rolly sa tabi ni Uleng. Susubukang magpahinga ng mag-asawa. Mag-aantanda si Uleng at magdarasal bago matulog.*

ULENG

Magdasal ka muna bago matulog, Hoy.

*Tatango lang si Rolly at hihilahin na ng antok.*

*Katahimikan.*

*Malalim na ang tulog ng dalawa.*

*Mananaginip si ULENG. Ipapakita ang mga kaganapang ito sa entablado bilang isang monologue. Mag-iiba ang kulay ng ilaw sa entablado.*

ULENG

Menandro! Bakit ka andine?... Naging dentista ka na pala. Iba na talaga ang may pinag-aralan. Kamusta ka na ngayon? Binata ka pa… Nakakapagtaka naman yata ‘yan… Ako? Kilala mo naman si Rolly, hindi ba? Oo, si Rolly, ‘yung tricycle driver na masugid kong manliligaw noong araw. Oo, siya ang nakatuluyan ko. Mabuti rin naman siyang asawa at tatay sa anak namin… kaya lang alam mo na hindi naman lahat perpekto. Ilan? Isa lang. Matipid kami ni Rolly. Saka nahirapan akong manganak. Nagkaroon din ako ng bukol sa matres eh. Oo, napabayaan ko. Ito, ngayon, may kanser ako. Pero, ayos lang ‘yun. Matanda na rin naman tayo. Tayo? Hindi na tayo pwede. Matanda na tayo. Hindi na tayo pwede. Kuwan… magpapabunot ako ng ngipin sa ‘yo… Oo ngayon ko lang uli naalala… sobrang sakit ng ngipin ko. (*I-uuntog ni Uleng ang ulo niya sa lapag o sa dingding*) sobrang sakit… Bunutin mo, bunutin mo na. Bawal? Bakit? Tanggalin mo ang ngipin. Tanggalin mo! (*Nang matanggal ang ngipin*) Masakit pa rin! Masakit pa rin tanggalin mo na lahat, tanggalin mo!

*Magigising si ULENG na umiiyak.*

*Hanggang sa magising siya pakiramdam niya masakit ang ngipin niya.*

*Kukuha siya ng tubig upang uminom.*

*Babalik na siya sa pagtulog.*

*Si Rolly naman ang mananaginip. Hindi mag-iiba ang kulay ng ilaw sa entablado, bagkus, ay mananatilinang ilaw kung paano sila nagsimulang matulog. Tatayo si Rolly mula sa kanyang pagkakahimbing.*

ROLLY

Himbing na himbing pala akong matulog. Parang walang problema. (*Pagmamasdan ang asawa*) Parang walang sakit si Uleng. Gising ba ako o tulog? Bakit tila ako nakalutang? (*Matatawa. Biglang tila may kakausap sa kanya*) Aba, Nelia… kay tagal kong inasam na makasama kang muli… Oo, Nelia, ikaw nga ang una kong minahal. Napakatagal mo naman akong hindi dinalaw. Napapagod ka nang maghintay sa akin? Bakit? Aalis na ba tayo?... Hindi ko naman ata pwedeng basta lisanin ang mag-ina ko. Ngayon na? Pero paano si Roanna, ang nag-iisa kong anak. Si Uleng… ang dami ko pang gustong iparanas sa kanya… Oo, Nelia, pero… siya ang pinakamamahal ko sa lahat. Malayong-malayo kayo sa isa't isa, Nelia. Napakarami kong pagkukulang sa kanya, sa kanila ng mag-ina ko. Ngayon pa lang ako bumabawi sa mag-ina ko… Hindi ko alam kung kaya mong pantayan ang pagkamartir ni Uleng sa akin. Nagparaya siya nang tunay sa lahat-lahat… Alam mo ba, hindi iilang beses na naisangla ko ang tricycle dahil sa sugal. Walang sabi-sabi niyang binigay ang ipon para sa akin. Pang-tuition ni Roanna 'yun para sa susunod na semestre, pero wala... Kailangan na nating umalis? Nang dali-dali? Pero…

*Babalik si Rolly sa posisyon niya sa tabi ni Uleng. Hahagok nang malakas si Rolly at itataas niya ang kanyang kamay na tila may inaabot. Babagsak ang kamay niyang nakadantay kay Uleng.*

*Maya-maya'y magigising na si Uleng. Dahan-dahan siyang babangon para hindi magising ang asawa.*

*Kukuhanin niya ang arinola at dadalhin sa banyo. Pupunta siya sa lababo para maghilamos at magsepilyo. Bubuksan niya ang kalan para magpainit ng tubig pangkape. Magtitimpla siya ng kape. Titingnan ang oras. Ipagpapatuloy ang pagbabalat ng sibuyas at bawang. Inihahanda niya na rin ang ibang gamit para sa canteen. Masayang ginagawa ito habang hindi pa nagigising ang kabiyak.*

*Magsisimula nang lumiwanag. Pumapasok na ang ingay ng kalsada. Pinag-iisipan ni Uleng kung magsisimula na siyang*

*magsangkutsa ng pagkain o gigisingin si Rolly. Naisip niyang pasukin na sa kwarto si Rolly.*

ULENG

Lando… Lando… Anong oras na kung hindi ka pa tatayo riyan eh magsasangkutsa na ako ng ulam…

*Katahimikan.*

ULENG

Bakit parang napasarap naman ang tulog mo?

*Katahimikan.*

ULENG

Hoy *(lambing)*…

*Patlang. Lalapit si Uleng kay Rolly. Hahawakan niya ang noo nito kung may sakit. Mararamdaman niya ang lamig ng katawan ng asawa. Patlang. Pupulsuhan niya ito ngunit wala rin. Ilalapit niya ang mukha sa dibdib ngunit wala rin. Tatapik-tapikin niya ang mukha ang asawa.*

*Hindi ito kikibot.*

ULENG

Lando… Lando… gumising ka!

*Ang mahihinang tapik ay mapupunta sa malalakas na hampas. Ang malalakas na hampas na magiging pagbayo sa dibdib. Galit na galit si Uleng sa asawa. Impit na iiyak si Uleng.*

ULENG

Ang daya mo, Lando! Napakadaya mo. Ako na naman ang may kasalanan ng lahat ng ito. Ako na naman. Paano na si Roanna. Magkaka-apo na tayo, Lando. Uuwi na si Nene.

*Patuloy niyang babayuhin ang dibdib ng asawa. Susubukan niyang i-upo ang katawan ni Rolly ngunit na matigas na ang katawan nito. Makikita ni Uleng ang katabing unan. Kukuhanin niya ito at ilalagay sa mukha ni Lando.*

ULENG

Mamatay ka. Mamatay ka na.

*Iyak at galit. Aalisin ni Uleng ang unan na para ba siyang nahimasmasan. Ilalagay niya ang unan sa kama. Babalik siya sa tabi ni Rolly. Pipikit siya sa pagnanasang panaginip lang ang lahat. Yayakapin ni Uleng ang malamig na bangkaynng asawa. Biglang susumpong ang sakit niya sa puson.*

ULENG

Ahhh… Isama mo na ako, Rolando. Isama mo na… Napakadaya mo.

*Magriring ang cellphone ni Rolly. Babalikwas si Uleng para sagutin ito.*

ULENG

Nene! Nene!

*Nalilito siya kung anong buton ang dapat pindutin. Hindi niya masasagot ang tawag. Isang impit na hiyaw.*

**TELON**